

Programa sa Pagpapaliban ng Buwis sa Ari-arian sa California

Ikaw ba o ang iyong mahal sa buhay ay nangangailangan ng tulong sa pagpapanatili sa pagbabayad ng buwis sa pinagmamay-aring bahay?

Ang Programang PTP ay nagpapahintulot sa karapat-dapat na mga nagmamay-ari ng bahay na ipagpaliban ang pagbabayad sa mga buwis sa ari-arian sa pangunahing tinitirahan.

Upang maging karapat-dapat para sa Programang PTP, ikaw ay dapat:

- ◆ Nasa edad nang hindi bababa sa 62 na taong gulang, o bulag, o may kapansanan;
- ◆ Nagmamay-ari ng bahay at nakatira sa bahay bilang pangunahing tahanan;
- ◆ Mayroong kabuuang kita ng sambahayan na halagang \$49,017 o mas mababa pa;
- ◆ Mayroong tubo (equity) na 40 porsyento sa halaga ng bahay na ito; at
- ◆ Iba pang mga kinakailangan.

Ang rate ng interes para sa mga buwis na ipinagpaliban batay sa PTP ay pitong (5) porsyento sa bawat taon. Isang lagak ang ilalagay sa pinagmamay-aring bahay, o isang kasunduan sa seguridad ang isasampa sa Kagawaran ng Pag-unlad sa Pabahay at Komunidad (Department of Housing and Community Development) para sa bahay na maaring pag-alawin, hanggang ang account ay ganap nang nabayaran. Ang pagpopondo sa programa ay limitado. Ang mga aplikasyon ay tatanggapin mula Oktubre 1 hanggang Pebrero 10 ng bawat taon, at iproproseso ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtanggap.

Ang kasalukuyang taon lamang na mga buwis sa ari-arian ang karapat-dapat para sa pagpapaliban. Ang pagbabayad batay sa Programang PTP ay dapat gawin kung ang may-ari ng bahay ay:

- ◆ Lumilipat o binibenta ang ari-arian;
- ◆ Linilipat ang titulo;
- ◆ Hindi tumutupad sa isang sinaunang prenda;
- ◆ Kumukuha muling papopondohan (refinance) ang ari-arian;
- ◆ Mamatay; o
- ◆ Kumukuha ng isang reverse mortgage.

Karagdagang mga detalye ay makukuha sa website ng Controller Ng Estado.

May mga tanong? Makipag-ugnay sa grupo ng Kontroler sa
(800) 952-5661 o postponement@sco.ca.gov

Betty T. Yee
Kontroler ng Estado ng California

www.sco.ca.gov

